Department of Justice Canada | Ministère de la Justice Canada

# Diborsyo at Karahasan sa Pamilya

Nangyayari ang karahasan sa pamilya kapag may isang taong nang-aabuso sa kanyang kapamilyaMaaari itong mangyari sa kahit na sino – bata man o matanda.

Ang karahasan sa pamilya ay maaaring nasa anyo ng pananalita, pagkilos, o kahit sa hindi pagbibigay ng pangangalagang kailangan ng isang tao. Maaari itong insidente na isang beses nangyari, o nauulit na asal.

Ang karahasan sa pamilya ay maaari ding mangyari bago ang, sa panahon ng, o pagkatapos ng paghihiwalay ng mag-asawa. Madalas na mas nakakaranas ng karahasan sa pamilya ang mga tao pagkatapos ng paghihiwalay.

Kung kayo o ang taong kilala ninyo ay nasa kagyat na panganib, tumawag sa 9-1-1 o sa inyong lokal na kapulisan**.**

Magkakabisa ang mga pagbabago sa *Batas sa Diborsyo* simula Hulyo 1, 2020. Ang ilan sa mga ito ay mga pagbabagong naglalayong makatulong sa mga magulong, hukom, o iba pa na makagawa ng mga ligtas at naaangkop na kasunduan kapag nagkaroon ng karahasan sa pamilya.

## Laman ng pahinang ito


- Karahasan sa pamilya sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*
- Mga halimbawa ng karahasan sa pamilya
- Mapamilit at controlling na karahasan sa pamilya
- Karahasan sa pamilya at mga kasunduan sa pagiging magulang para sa mga anak
- Mga pamilyang sangkot sa iba't ibang bahagi ng sistema ng katarungan nang sabay
- Paghingi ng tulong para sa karahasan sa pamilya


## Karahasan sa pamilya sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*

Mayroong maraming anyo ang karahasan sa pamilya at maaari itong makasama sa mga tao kung

- direkta nila itong nararanasan
- nakikita o naririnig nila ito
- alam nilang nangyayari ito

Sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*, ang karahasan sa pamilya ay anumang asal na

Canada

- marahas, o
- nagbabanta, o
- mayroong pattern ng asal na mapamilit at controlling o mayroong pagnanais na magkaroon ng kontrol, o
- asal na nagdudulot ng takot sa isang miyembro ng pamilya para sa kanyang kaligtasan o kaligtasan ng ibang tao

Bagama’t maraming uri ng pang-aabuso ang itinuturing na mga kriminal na pagkakasala, itinuturing pa rin na karahasan sa pamilya ang ilang asal na hindi kriminal sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo*.

Maaaring makaranas ng karahasan sa pamilya ang mga anak sa iba’t ibang paraan, tulad ng

- pagdirekta ng karahasan at pang-aabuso sa kanila
- pagkasaksi o pagkarinig sapagiging marahas ng isang tao sa isang miyembro ng pamilya
- pagkakita sa takot o pinsalang natamo ng isang miyembro ng pamilya

Itinuturing ang lahat ng ito na karahasan sa pamilya at pang-aabuso sa bata sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*.

## Mga halimbawa ng karahasan sa pamilya

Narito ang ilang halimbawa ng karahasan sa pamilya sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*:

| Pisikal na pang-aabuso |
| --- |
| Panununtok, pananampal, paninipa, panunulak, pangangaladkad, pananakal, pananabunot, pangangagat, pananaksak, pagkulong sa isang tao sa isang saradong espasyo, pagpigil o paggapos sa isang tao<br><br>*Kapag kumilos ang mga tao upang protektahan ang kanilang mga sarili o ang ibang tao, hindi itinuturing na karahasan sa pamilya ang kanilang mga pagkilos. |
| Sekswal na pang-aabuso |
| Paghipo sa isang tao sa sekswal na paraan nang walang pahintulot mula sa taong iyon, pamimilit sa isang tao na makipagtalik o magsagawa ng mga sekswal na gawain, pagpapanood sa isang tao ng malalaswang palabas, paghipo sa isang bata sa sekswal na paraan, paghikayat sa isang bata na hawakan ang kanyang sarili sa sekswal na paraan |

| Pagbabantang papatayin o sasaktan ang ibang tao |
| --- |
| Pagbabantang sasampalin, susuntukin, o babarilin ang isang tao |
| Harassment at stalking |
| Pagtawag, pag-email, o pagte-text sa isang tao nang paulit-ulit, pagsunod o pagbabantay sa bahay o trabaho ng isang tao, pagsubaybay sa isang tao sa pamamagitan ng mga app, software, o video camera, pagtunton sa mga aktibidad ng isang tao sa social media |
| Hindi pagbibigay ng mga kinakailangan sa buhay |
| Hindi pagbibigay sa mga bata ng pagkain, hindi pagpayag na makakuha ang isang tao ng pangangalagang medikal na kailangan niya, pagkuha sa wheelchair ng isang tao |
| Sikolohikal na pang-aabuso |
| Palaging pagsigaw, pagpuna, o pang-iinsulto sa isang tao; pagkontrol sa oras, kilos, pananamit, buhok ng isang tao, hindi pagpayag na makita ng isang tao ang kanyang mga kaibigan o pamilya, hindi pagpayag na isabuhay ng isang tao ang kanyang relihiyon o kultura, pagbabahagi ng mga pribadong larawan ng isang tao nang walang pahintulot mula sa kanya o pagbabantang ibabahagi ang mga ito, pagbabanta sa isang tao na makikipag-ugnayan sa mga awtoridad ng immigration upang paalisin siya sa bansa |
| Pinansyal na pang-aabuso |
| Pagpilit sa isang tao na magtrabaho o pagpigil sa kanya na magtrabaho, paghadlang sa isang tao na ma-access ang kanyang bank account, hindi pagbibigay ng pera sa isang tao o pagkontrol sa kung paano niya ito ginagamit, pangungutang gamit ang pangalan ng ibang ito nang hindi niya alam |
| Pagbabantang papatayin o sasaktan ang isang hayop o pagbabanta ng pagsira sa ari-arian |
| Pagbabantang sasaktan ang alagang hayop ng pamilya, o pagbabantang susunugin ang bahay ng pamilya |
| Aktwal na pagpatay o pananakit sa isang hayop o aktwal na pagsira sa ari-arian |

## Mapamilit at controlling na karahasan sa pamilya

Ang isang mapamilit at controlling o mayroong pagnanais na magkaroon ng kontrol na karahasan sa pamilya ay isang pattern ng mapang-abuso kilos ng mga tao na ginagamit nila upang kontrolin o pangibabawan ang isa pang miyembro ng pamilya. Posibleng gumamit ang isang controlling na miyembro ng pamilya ng kumbinasyon ng emosyonal, sikolohikal, sekswal, pinansyal, o iba pang anyo ng pang-aabuso, tulad ng pagpili ng damit ng partner, pagkontrol sa kanyang pera, o hindi pagpayag na magtrabaho siya o makita ang kanyang mga kaibigan. Kadalasan ding may kasamang pisikal na karahasan ang pang-aabusong ito.

Lubhang mapanganib ang mapamilit at controlling na karahasan sa pamilya. Ang mga taong gumagawa ng ganitong uri ng pang-aabuso ay madalas na ipinagpapatuloy o pinapalala ang karahasan sa pamilya pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo.

## Karahasan sa pamilya at mga kasunduan sa pagiging magulang para sa mga anak

Ang mga batang naninirahan sa isang bahay na mayroong karahasan sa pamilya ay nasa panganib ng parehong panandalian at pangmatagalang pinsala.

Kahit hindi nakadirekta sa kanila ang karahasan sa pamilya, hindi mabuti sa mga bata na makakita o makarinig ng karahasan sa pagitan ng ibang miyembro ng pamilya o malamang inaabuso ang isang miyembro ng pamilya.

Maaaring makaranas ng pisikal at sikolohikal na pinsala ang mga batang nakakaranas ng karahasan sa pamilya. Nababago ng karahasan sa pamilya ang pagdebelop ng kanilang utak, na posibleng humantong sa pagdebelop ng mga problema kaugnay ng emosyon, pag-iisip, pag-uugali, at pakikisalamuhana maaaring tumagal.

Sa batas ukol sa pamilya (family law), nakabatay ang lahat ng desisyon tungkol sa mga bata sa kung ano ang pinakamakakabuti sa bata. Mayroong listahan ng mga salik ang bagong *Batas sa Diborsyo* na isasaalang-alang ng mga hukom kapag nagpapasya kung ano ang pinakamakakabuti para sa bata, at palaging pinakamahalagang salik ang pisikal, emosyonal at sikolohikal na kaligtasan, seguridad, at kapakanan ng bata.

## Mga partikular na salik na isinasaalang-alang ng mga hukom

Dapat isaalang-alang ng mga hukom ang epekto ng karahasan sa pamilya sa mga kasunduan sa pagiging magulang para sa mga anak kapag nagdiborsyo ang kanilang mga magulang. Kabilang dito ang kakayahan at kagustuhan ng

taong gumawa ng karahasan na alagaan ang bata at makipagtulungan sa isa pang magulang.

Mayroong listahan ng mga salik ang bagong *Batas sa Diborsyo* na kailangang tingnan ng mga hukom kapag isinasaalang-alang ang epekto ng karahasan sa pamilya, tulad ng

- katangian, kalubhaan, at dalas ng pang-aabuso
- panganib ng pinsala sa bata
- kung nagsagawa na ng anumang hakbang ang taong sangkot sa karahasan upang maiwasan ang higit pang karahasan at mapahusay ang kanilang pagiging magulang, tulad ng pagtapos sa isang kurso sa pagiging magulang para sa mga taong inabuso ang kanilang mga anak o partner

Dapat ding isaalang-alang ng mga hukom ang anumang iba pang usapin sa korte na mahalaga para sa kaligtasan, seguridad, at kapakanan ng bata. Maaaring nabibilang dito ang

- mga kriminal na hatol dahil sa pananakit sa isang bata
- mga kautusan para sa proteksyon ng bata na nauugnay sa isang bata
- mga kriminal na hatol para sa krimen laban sa isa pang miyembro ng pamilya

## Ebidensya ng karahasan sa pamilya

Para isaalang-alang ng hukom ang karahasan sa pamilya, dapat ay mayroong patunay ng nangyari. Maaaring mahirap makahanap o makapagbigay ng ebidensya dahil madalas na nangyayari ang karahasan sa pamilya nang pribado. Narito ang ilang halimbawa ng ebidensya:

- mga tawag sa 9-1-1
- mga nakasulat na pahayag o testimonya sa korte mula sa mga taong nakaranas, nakakita, o nakarinig sa karahasan, o taong nakakita sa mga epektong dulot ng pang-aabuso
- mga larawan ng mga sugat o pinsala
- mga recording ng mga mapang-abusong insidente
- mga record ng ospital o mga medikal na record

## Mga pamilyang sangkot sa iba’t ibang bahagi ng sistema ng katarungan

Kung minsan, posibleng maugnay ang mga pamilya sa iba’t ibang korte nang sabay. Kadalasan itong nangyayari sa mga kasong may kinalaman sa karahasan sa pamilya, kung saan maaaring maging sangkot ang sistema ng katarungang

pangkrimen, ang sistema ng proteksyon sa bata, at sistema ng katarungang pampamilya.

Maaaring maging napakahirap ang mga ganitongsitwasyon. Halimbawa, kung hindi alam ng korte para sa pamilya ang tungkol sa isang kautusang pangkrimen na nagsasaad na hindi maaaring magkaroon ng ugnayan ang mga magulang, posibleng makapagbigay ang hukom ng salungat na kautusan sa pagiging magulang. Maaaring maging mahirap o imposible ang pagsunod sa mga kautusan at maaari itong magdulot ng mga panganib sa kaligtasan.

Upang makatulong sa paglutas nito, nakasaad sa bagong *Batas sa Diborsyo* na dapat isaalang-alang ng mga hukom kung mayroong anumang kasalukuyan o nakabinbing proteksyong sibil, proteksyon sa bata, o mga paglilitis o kautusang pangkrimen na nauugnay sa magdidiborsyong mag-asawa.

Kung diborsyado kayo o malapit nang magdiborsyo at humihiling kayo ng kautusang pangkrimen para sa pagiging magulang, pagsuporta sa bata o asawa, kakailanganin ninyong ipaalam sa korte ang tungkol sa anumang kaso o kautusang pangkrimen o proteksyon sa bata na nauugnay sa inyo o sa inyong dating asawa, o ang tungkol sa anumang kautusang pampigil o proteksyon laban sa isa sa inyo.

## Paghingi ng tulong para sa karahasan sa pamilya

**Kung kayo o ang taong kilala ninyo ay nasa kagyat na panganib, tumawag sa 9-1-1 o sa inyong lokal na kapulisan.**

Maraming tao at organisasyon ang makakatulong sa inyo kung nakakaranas kayo ng karahasan sa pamilya. Halimbawa, maaari kayong makipag-usap sa isang abogado, doktor, social worker, o tagapayo. Makakahingi rin kayo ng tulong mula sa mga serbisyo para sa biktima, oranisasyong pangkomunidad, grupong pansuporta, pulis, linya para sa tulong, o shelter o transition house na malapit sa inyo.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa karahasan sa pamilya at paghingi ng tulong, pakitingnan ang mga mapagkukunang ito sa website ng Kagawaran ng Katarungan ng Canada (Department of Justice Canada):

- Karahasan sa Pamilya
- Humingi ng tulong para sa karahasan sa pamilya
- Mali ang Pang-aabuso
- Mali ang Pang-aabuso sa anumang Wika
- Mali ang Pang-aabuso sa Anumang Kultura: Inuit
- Mali ang Pang-aabuso sa Anumang Kultura: para sa mga tao ng First Nation at Métis
- Mali ang Pang-aabuso sa Bata: Ano Ang Magagawa Ko?

- Humanap ng mga serbisyo para sa biktima na malapit sa inyo